Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-19 NG ENERO, 2000, ARAW NG MIYERKOLES SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. JEFREY A. VILLASENOR.................... KAGAWAD
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr.................. Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar.................... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez..................... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison....................... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon....................... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas...................... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca....................... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan........... Kagawad

DI-DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO...............PANG. PUNONG BAYAN
(Nasa Opisyal na Lakad)
Kgg. Angelito U. Limjuco.................... Kagawad

### KAPASIYAHAN BLG. 008-T'2000

**KAPASIYAHANG NAGKAKALOOB NG LANSAKANG KAPANGYARIHAN SA KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN SA PAKIKIPAGKASUNDO SA ISANG SARBEYOR HINGGIL SA PAGHAHANDA NG MGA DETALYADONG SINARBEY NA PLANO UKOL SA PANUKALANG PROGRAMA SA PAGPAPABAHAY SA MGA BARANGAY CALLIOS, BAGUMBAYAN AT BLISS, PATIMBAO, PARA SA KAPAKANAN NG MGA KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN, MGA GURO AT IBA PANG KAWANI NG PAMAHALAANG NASYUNAL.**

**SAPAGKA'T,** ang pagkakaloob ng kapangyarihan sa Kgg. Punong Bayan para sa pagpasok sa naturang kasunduan ay naaayon sa mga patakarang sinusunod bago pagtibayin ang anumang kasunduan;

**SAPAGKA'T,** ang pagbibigay ng kapangyarihang ito ay magiging epektibo lamang kung ang kontrata ukol dito ay daraan sa pagpapatibay ng sangguniang ito;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Bernardo E. Ison, Louie C. de Leon at Ricardo B. Ramirez at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagkalooban ng lansakang kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na katawanin ang pamahalaang bayan sa pakikipagkasundo sa isang sarbeyor hinggil sa paghahanda ng mga detalyadong sinarbey na plano ukol sa panukalang programa sa pagpapabahay sa mga Barangay Callios, Bagumbayan at Bliss, Patimbao, para sa kapakanan ng mga kawani ng pamahalaang bayan, mga guro at iba pang kawani ng pamahalaang nasyunal.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Manananggol, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad at Pambayang Inhinyero, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

(karugtong ng Kap. Blg. 008-T'2000)

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPAPATUTOO:

JEFFREY A. VILLASENOR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan